**SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-05 NG SETYEMBRE, 2022 SA GANAP NA IKA–09:12 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -----------Pangalawang Punumbayan/ Tagapangulo |
| KGG. MA. ROMA R. TABLICO | ----------- Kagawad |
| KGG. MODESTO B. ABADIER | ----------- Kagawad |
| KGG. MARK ANTHONY L. LAGROSA | ----------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN DEMBER A. DELOS REYES | ----------- Kagawad |
| KGG. MGGL. JEROMME D. LACBAY | ----------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ----------- Kagawad |
| KGG. DONNIE L. DE VENECIA | ----------- Pangulo-SKF |

**DI-NAKADALO**

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB *(Nasa opisyal na gawain)* |

**KAPASIYAHAN BLG. 55 T. 2022**

**KAPASIYAHANG NAGGAGAWAD NG PARANGAL AT PAGKILALA SA YUMAONG DATING PUNUMBAYAN MGGL. WILFREDO O. PARAISO SA KANIYANG PAGIGING ISANG KATANGI-TANGING LUMBEÑO AT DAHIL SA KANIYANG HINDI MATATAWARANG KONTRIBUSYON SA TINAMONG KAUNLARAN NG BAYAN NG LUMBAN SA PANAHON NG KANIYANG PANUNUNGKULAN**

**Akda ni Kgg. Mggl. Jeromme D. Lacbay**

**SAPAGKAT**, ang yumaong Mggl. Wilfredo O. Paraiso ay nahalal sa katungkulan at nasilbi sa Pamahalaang Bayan ng Lumban bilang Punumbayan mula 2004 hanggang 2013 na sa loob ng mga taong ito ay nakapaghatid siya ng matapat na serbisyo sa mga Lumbeño at nakapagsagawa ng mga proyektong pangkaunlaran na pinakikinabangan ng mga mamamayan hanggang sa kasalukuyan;

**SAPAGKAT**, sa panunungkulan ng dating Punumbayan Mggl. Wilfredo O. Paraiso ay tuluyang napatapos ang Pamilihang Bayan, nasimulan ang bagong itatatayong Pambayang Libingan, narehabilita at napaunlad ang Lumban Water Works System, napaganda ang Lumban muti-purpose covered court, nabigyan ng karangalan ang kagitingan ng mga bayani ng himagsikan at mga bayani noong panahon ng pananakop ng mga Hapon, sa pamamagitan ng pagpapatayo ng Bantayog ng mga Bayaning Lumbeño, pinaunlad ang pagdiriwang ng Burdang Lumban Festival, at sumuporta sa pagsusulong ng libreng edukasyon sa mga magagaling na mga mag-aaral, pinalakas ang turismo, lokal na industriya at komersiyo, nabigyan ng malaking halaga ang ating kultura at kasaysayan at pinatatag ang kalagayang pananalapi ng pamahalang bayan;

**SAPAGKAT**, ang naabot ng dating Punumbayan Mggl. Wilfredo O. Paraiso ay nagbigay ng inspirasyon sa mga Lumbeño dahil siya bagama't nagmula sa isang pangkaraniwang pamilya ay nagkamit ng Bachelor's Degree sa kursong Bachelor of Arts sa Manuel L. Quezon University (MLQU), at ng lumaon ay ang Bachelor's of Law sa kaparehong unibersidad na bunga ng kaniyang

husay at tiyaga. Naging Punumbayan ng tatlong magkakasunod na termino at samantalanag naglilingkod sa pamayanan ay nagkamit pa rin ng Master's Degree sa Laguna College of Business and Arts (LCBA) ng kaniyang matapos ang kursong Master in Management Major in Public Administration (MMPA) noong 2012;

**SAPAGKAT**, ang panunungkulan ng dating Punumbayan Mggl. Wilfredo O. Paraiso ay maituturing sa pambayang kasaysayan na pinakamapayapa, maunlad at mapagkakatiwalaan kung kaya't bilang isang pinuno na tapat na lingkod-bayan ay nararapat lamang na siya ay tumanggap ng parangal at pagkilala mula sa Pamahalaang Bayan na kaniyang pinaglingkuran;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Mggl. Jeromme D. Lacbay, na pinangalawahan ni Kgg. Modesto B. Abadier at sinang-ayunan ng lahat ay;

**IPINASIYA, gaya ng dito ay, IPINAPASIYA**, na pagtibayin ang Kapasiyahan na naggagawad ng parangal at pagkilala sa yumaong dating Punumbayan Mggl. Wilfredo O. Paraiso dahil sa kaniyang hindi matatawarang kontribusyon sa tinamong kaunlaran ng Bayan ng Lumban sa panahon ng kaniyang panunungkulan;

**IPINASIYA PA RIN**, na igawad sa yumaong dating Punumbayan Mggl. Wilfredo O. Paraiso ang pinakamataas na karangalan na ipinagkakaloob ng Pamahalaang Bayan ng Lumban, ang **"GAWAD NATATANGING LUMBEÑO"**, Posthumous Award at kaakibat ng karangalang ito ay baguhin ang katawagan sa Lumban Multi-Purpose Covered Court at tawagin ito sa pagkakakilanlan na nakalakip ang pangalang Mggl. Wilfredo O. Paraiso;

**IPINASIYANG PANGHULI NA**, magpatibay ng isang Kautusang Bayan kaugnay nito gaya ng sumusunod:

**<u>KAUTUSANG BAYAN BLG. 08 T. 2022</u>**

**KAUTUSANG BAYANG NAG-AATAS NA ISUNOD SA PANGALAN NG YUMAONG DATING PUNUMBAYAN MGGL. WILFREDO O. PARAISO ANG LUMBAN MULTI-PURPOSE COVERED COURT AT TAWAGIN ITONG "TANGHALANG MGGL. WILFREDO O. PARAISO" BILANG PAGBIBIGAY PARANGAL AT PAGPAPAHALAGA SA MGA HINDI MATATAWARANG KONTRIBUSYON SA TINAMONG KAUNLARAN NG BAYAN NG LUMBAN SA PANAHON NG KANIYANG PANUNUNGKULAN**

**PANGKAT I PAMAGAT** – ang Kautusang Bayang ito ay ang Kautusang nag-aatas na isunod sa pangalan ng yumaong dating Punumbayan Mggl. Wilfredo O. Paraiso ang Lumban multi-purpose covered court at tawagin itong "Tanghalang Mggl. Wilfredo O. Paraiso" bilang pagbibigay parangal at pagpapahalaga sa mga hindi matatawarang kontribusyon sa tinamong kaunlaran ng Bayan ng Lumban sa panahon ng kaniyang panunungkulan.

**PANGKAT II LAYUNIN** – ang kautusang bayang ito ay naglalayon na maghatid ng karangalan at inspirasyon sa mga mamamayang Lumbeño lalo at higit sa mga kabataan habang inaala-ala ang pagiging huwarang Lumbeño ng dating Punumbayan samantalang nakikita ang kaniyang mga naiambag sa kaunlaran ng bayan.

**PANGKAT III. PAG-AATAS** – Iniaatas sa pamamagitan nito na ang pangalan ng Lumban multi-purpose covered court ay baguhin at tawagin lakip ang pangalan ng dating Punumbayan Mggl. Wilfredo O. Paraiso sa katawagang **"TANGHALANG MGGL. WILFREDO O. PARAISO".**

**PANGKAT III. PAGLALAGAK NG PLAKE NG KARANGALAN** – ang Pamahalaang Bayan sa pamamagitan ng tangapan ng Punumbayan ay babalikatin ang paglalagak ng Plake ng Karangalan na gawa sa binuling tanso o brass na nakaukit ang mga sumusunod.

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban

Inilalagak itong,

PLAKE NG KARANGALAN

Dito sa tanghalang ito na ngayon ay tatawaging

**"TANGHALANG ATTY. WILFREDO O. PARAISO"**

Binigyang pasinaya ngayong ika-22 ng Setyembre, 2022 dito sa Bayan ng Lumban, Lalawigan ng Laguna kasabay sa pagdiriwang ng ika-444 Anibersaryo ng Pagkakatatag ng bayan ng Lumban.

**PANGKAT IV. PAGSASAGAWA** – ang pagpapasinaya sa bagong pangalan ng Lumban multi-purpose covered court ay isasagawa kasabay sa selebrasyon ng ika-444 anibersaryo ng pagkakatatag ng Bayan ng Lumban sa ika-22 ng Setyembre 2022.

**PANGKAT V. LAANG GUGULIN** – ang Pamahalaang Bayan ay maglalaan ng halagang gugulin para sa pagsasakatuparan sa nakasaad sa Pangkat III ng Kautusang Bayang ito, gayun din ang iba pang kaakibat na gastusin gaya ng tropeyo o plake para sa Gawad Natatanging Lumbeño o Posthumous Award.

**PANGKAT VI. BISA AT PAGSASAKATUPARAN** – ang Kautusang Bayang ito ay dagling magkakabisa at agarang ipatutupad matapos na mapagtibay ng Kgg. Sangguniang Bayan.

**INAATASAN,** ang Kalihim ng Sangguniang Bayan na magpadala ng sipi ng Kautusang ito sa Tanggapan ng Kgg. Sanggunuiang Panlalawiagan at sa iba pang kinauukulan tanggapan para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbangin.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-05 ng Setyembre, 2022.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**MA. ROMA R. TABLICO**
Kagawad

**MODESTO B. ABADIER**
Kagawad

**MARK ANTHONY L. LAGROSA**
Kagawad

**IRENEO R. BALDOVINO**
Kagawad

**ROSE ANN R. AÑONUEVO**
Kagawad

**JOHN DEMBER A. DELOS REYES**
Kagawad

**MGGL. JEROMME D. LACBAY**
Kagawad

**GERONIMO P. SAMONTE JR.**
Kagawad

**ARIEL D. AÑONUEVO**
Pangulo – LnB

**DONNIE L. DE VENECIA**
Pangulo - SKF

**Nagpatotoo :**

**BELEN B. RAGA**
*Tagapangulo/ Pangalawang Punumbayan*

**Pinagtibay :**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt090522res55KB08*